Pagiging homoseksuwal: abnormal o hindi natural?

Ang pagiging homoseksuwal ba ay abnormal o hindi natural?

Higit na nakararami ang mga taong nahuhumaling sa kanilang di-kasekso kaysa sa mga taong nahuhumaling sa kapwa nila kasekso. Gayumpaman, hindi nangangahulugan na ang isa ay normal dahil isa siya sa nakararami o kaya naman ang isa ay abnormal dahil kabilang siya sa kakaunti. Sa maraming anyo, likas na nagkakaiba ang bawat isa at kabilang dito ang sekswalidad. Normal lamang para sa mga homosekswal ang mahumaling sa isa na may kaparehong sekso. At ang pilitin silang mahumaling sa di-kasekso ay hindi lamang labag sa kanilang kalikasan, kundi masama rin sa kalooban.

Isa bang kagustuhan ang sekswal na oryentasyon?

Hindi. Bilang isang tao, hindi pinipili ng isa ang kaniyang sekswal na oryentasyon. Ang sekswal na oryentasyon ay bunga ng maraming salik na hindi kontrolado ng isa. May kakayahan man siyang pumili kung susundin o hindi ang tunay na atraksyon, wala pang nakapagpapatunay na nababago ang sekswal na oryentasyon.

Kailangan bang magpagamot ang mga homosekswal?

Hindi sakit ang pagiging homosekswal. Simula noong dekada ’70, hindi na ibinilang na sakit ang pagiging homosekswal ng American Psychiatric Association at ng American Psychological Association. Sa isang banda, ang mga magulang ng mga homosekswal na dumadanas ng pagsisisi, galit at iba pang kabagabagan ay kailangang sumangguni sa mga mapagkakatiwalaan o kumonsulta sa mga dalubhasa.

Mababago ba ng isa ang kaniyang sekswal na oryentasyon?

Kung ikaw ay tatanungin,”Mababago mo ba ang iyong sekswal na oryentasyon?” paano ka tutugon? Naitanong na ba sa iyo kung ang pagiging *straight* ay isang pansamantalang bahagi lamang ng buhay? Hindi yata ito tama. Umiibig ang isa sa isang tao, hindi sa kasarian nito. Hindi maaaring sabihin na may isang “tamang paraan”. Sa katunayan, walang sinuman ang kailangang gumawa ng “pagbabago”.

Nagiging homoseksuwal ba ang isa kapag minolestiya siya noong pagkabata?

Sa kasawiang palad, marami ang inaabuso anuman ang kanilang sekswal na oryentasyon. Gayumpaman, walang kaugnayan ang sekswal na oryentasyon sa karanasan ng pang-aabuso. Madalas na maling puna at maling impormasyon ito tungkol sa mga homosekswal.

Maaari bang magpalaki ng anak ang mga homosekswal? Negatibo ba ang magiging epekto nito sa kabataan?

Walang kinalaman sa *sexual orientation* ng mga magulang sa pagpapalaki ng mga anak. Ngunit, marami ang nababahala na baka dumanas ng panggigipit o discriminasyon ang mga kabataang may homosekswal na mga magulang. Gayumpman, maraming pag-aaral ang nagpapatunay na hindi kaiba ang pagsulong ng mga batang ito sa paglaki ng mga batang may mga magulang na di-kasekso. Pinatutunayan din ng mga pag-aaral na hindi negatibo ang nagiging tugon ng mga bata sa homosekswalidad na kanilang mga magulang.

Magkakaroon ba ng AIDS ang mga homoseksuwal?

Hindi. Ang pagiging homosekswal ay hindi nangangahulugan ng pagkakaroon ng AIDS. Nakabatay ang pagkakaroon ng HIV sa hindi ligtas na pakikipagtalik. Walang “mapanganib” na sekswal na oryentasyon, tanging “mapanganib” na gawain. Maging ang mga *heterosexuals* ay nasasapanganib din ng HIV sa pamamagitan ng hindi ligtas na pakikipagtalik.

*Most of the information is derived from “Getting to Know LGBT People Handbook” published by the City of Taipei.

Marami sa mga homoseksuwal ang walang anak! Ikinalulungkot ba nila ito?

Hindi kailangang ng isa na mag-asawa at magkaanak upang maging kasisiya-siya ang buhay. Malaya ang bawat isa na magdesisyon kung nais niyang magkaanak o hindi. Masasabing hindi magkapareho ang pasya ng bawat isa kaya hindi nararapat na hayaang ipagawa sa iba ang pagpapasya.

API EQUALITY-LA

Asians and Pacific Islanders for LGBT Equality

www.qaspace.org
www.apiequalityla.org

*Most of the information is derived from “Getting to Know LGBT People Handbook” published by the City of Taipei.